## Ang ika-13 NA LIHAM NG OBISPO UKOL SA MGA GAWAING PAG-IINGAT

## UPANG MAPIGILAN ANG IMPEKSIYON NG CORONA VIRUS

Ang kagalang-galang Mario Yamanouchi, Obispo ng Saitama
Oktubre 27, 2020

Isang buwan ang nakalipas mula noong limitahan ang edad ng mga dadalo sa misa sa Linggo ay tinanggal na walang problema dahil sa inyong pang-unawa at kooperasyon. Napagpasiyahan namin na payagan ang mga misa sa mga ordinaryong araw kasama ang kongregasyon dahil sa kasalukuyang panahon ang pagkalat ng impeksiyon ng corona virus ay hindi masyadong kumalat..

**<u>Mula sa Unang Linggo ng Nobyembre, payagan kayo na mag-alay ng mga Misa Sa Ordinaryong Araw kasama ang kongregasyon</u>**

**<u>Ang natitirang dalawang pagbabawal sa ibaba ay mananatili</u>**.

1. Kayo ay pinayagang mag-alay ng isang misa sa Linggo at isang misang Bihilya sa Sabado ng gabi kasama ang kongregasyon.

2. Kayo ay pinayagang mag-alay ng misa na may maraming lengguwahe, na tinawag na 'International Mass' ngunit hindi ang isang banyagang lengguwahe lamang.

   Ang kahulugan ng 'International Mass' ay ang misa na may iba't-ibang lengguwahe, ang misa na Japanese na may ordinaryong teksto ng misa, na ang mga pagbasa at panalangin ng bayan kung maari ay iba't-ibang lengguwahe.

   Humihiling ako, partikular sa mga parokya na may kaunting miyembro na ibang lahi ay magpasensiya ng kaunting sandali, panatilihin ang social distancing, atbp.

**<u>Ukol sa mga pagdiriwang sa Pasko</u>**

**Kayo ay pinayagang mag-alay ng dalawang misa Bihilya ng Pasko sa gabi at sa araw mismo ng Pasko. Subalit, hindi kayo papayagan na sama-samang magtitipon na may inuman at kainan sa simbahan, pati na ang Christmas party. (Kung sakaling magkaroon ng sinyales ng pagdami ng pagkalat ng corona virus, bibigyan ko kayo ng ibayong mga tagubilin).**

**<u>Mga mahalagang gawaing pag-iingat (muling pinaalam)</u>**

**<u>Upang maseguro ang pagpigil sa pagkalat ng impersiyon ng corona virus sa lahat ng mga parokya, ipapaalam ko muli ang mga mahalagang gawaing pag-iingat at susundin ninyo ito na may konsiderasyon na ikonsulta ang partikular na mga situwasiyon sa inyong parokya. Ito ang mga sumusunod</u>:**

1. **Bagama't ang paglimita sa edad ay tinanggal, ang mga matatanda at yaong may mga malubhang karamdaman, ang may mataas na**

**temperatyra, o yaong walang lakas ng loob sa kanilang kalusugan ay pinakiusapan na manatili sa kanilang bahay at magdasal doon at alagaan ang kanilang buhay at kalusugan.**

2. **Ang lahat ng mga mananampalataya sa Diyosesis ay patuloy na dinispensa sa mga obligasyon sa pagdalo ng mga Misa sa Linggo.**
3. **Ang pag-alay ng isang misa sa Linggo (sa Japanese o multilingual) at ang Bihilyang misa sa Sabado ng gabi ay pinayagan kasama ang publiko. Sa mga parokya na may maraming miyembro, ang pagdalo sa Bihilyang misa sa Sabado ay inirekomenda sa mga parokyano. Ngayon, sa pagtanggal sa limitasyon ng edad, ang bilang ng mga magsisimba ay maaring dumami kaya nakiusap ako na mag-ingat upang hindi kumalat ang virus.**
4. **Pinakiusapan kayo na magsimba sa inyong parokya at hindi sa iba.**
5. **Para sa mga binyag o pagpapahid ng langis kung may emerhensiya at ang sakramento ng kumpisal ay maaring gawin na may ibayong pag-iingat. Ang kumpil ng Obispo ay ipagpaliban muna. Kung kailangan sa panahon ng emerhensiya, ito ay maaring gawin kung may pahintulot ng Obispo. Makipag ugnayan sa inyong kura paroko.**

**<u>Dagdag na mga detalye sa mga payo</u>**

1) Una, ang mga ito ang pinakamahalagang panukala upang maiwasan ang pagsiksikan sa mga saradong silid at distansiya sa bawat-isa .Kailangan mo magsuot ng mask, maghugas ng kamay, isterilize ang simbahan. <u>Ang mga ito ay gagawin hindi lang sa mga misa kundi pati na rin sa lahat ng mga aktibidades ng simbahan.</u>
2) Seguraduhin na 1.5 metro ang layo sa bawat-isa.
   <u>Kung ang lahat na sinabi sa itaas, kasama ang 1) ay hindi posible, hindi maaring gamitin ang simbahan para sa selebrasyon liturhikal</u>. Kung mayroon malawak na silid, maaring gamitin ito sa mga misa.
3) Sa paghugas ng kamay, sa pagsuot ng mask (para sa <u>kongregasyon, pari at tagabasa</u>), magkalayo ang bawat-isa, may bentilasyon ang simbahan ang dapat gawin. Isterilize ang mga hawakan ng pintuan.
4) Huwag gumamit ng Holy Water Font.
5) <u>Huwag kumanta ng sabay sa misa at mga pagtitipon</u>, maliban sa sa pagtugtog ng organ at solo ang kakanta, na malayo sa kongregasyon.
6) Huwag gawin ang prosesyon sa pag-alay sa misa.
7) Huwag mangolekta ng mga alay sa misa. Ilagay ang mga offering boxes sa may pintuan ng simbahan.
8) Sa pagbabahaginan ng kapayapaan, huwag makipag-kamay o magyakapan.
9) Pakiusapan ang kongregasyon na isulat sa rehistro ang pangalan, tirahan, numero ng telepono at kunin ang temperatura sa may pintuan ng simbahan. Ihanda ang registration cards para sa dadalo ng misa. Ang mga records ay gagamitin lamang sa pakikipagtulungan sa lokal na health authorities kung sakaling may impeksiyon sa simbahan. Ang mga records ay itatago sa simbahan dahil mayroon itong mga pribadong impormasyon.
10) Iwasan ang pagdikit-dikit sa pagpasok at paglabas ng simbahan.
11) Iwasan ang mga meeting o pagtitipon maliban sa mga misa sa ngayon, o maaring magtipon sa maikling panahon na may may konting bilang ng dadalo (hindi lalampas sa 10 katao) na may pag-iingat. Papayuhan kayo na huwag magsimula ng paghahanda sa pag-aaral ng mga kandidato sa binyag at pag-aaral sa bibliya hanggang mariin na masunod ang mga gawaing pag-iingat.